

SODEXO SUPPLIER CODE OF CONDUCT

April 2017

Sodexo Supplier Code of Conduct

Talaan ng mga Nilalaman

Panimula...Erreur ! Signet non défini.

1. Integridad sa Negosyo ...4

2. Karapatang pantao at pangunahing mga karapatan sa trabaho.....5

Pag-alis sa anumang anyo ng pwersahan o sapilitang paggawa5

Pagsugpo sa *Child Labor*5

Pagsugpo sa diskriminasyon sa trabaho6

Freedom of association at pagkilala ng karapatan sa *collective bargaining*6

Sahod at mga benepisyo6

Oras ng Pagtatrabaho6

Kalusugan at kaligtasan6

Living conditions7

Mga gawing pandisiplina7

Karapatan sa lupa7

3. Kapaligiran 8

4. Inclusive supply chain ... 8

5. Pag-uulat 9

6. Proteksyon ng impormasyon at data privacy 9

Pagka-kumpedensyal at Proteksyon ng mga Impormasyon.....9

Proteksyon ng data at privacy9

Implementasyon 10

Panimula

Ang pagsasagawa ng negosyo na may mataas na pamantayang etikal ay mahalaga para sa Sodexo. Sa dahilang ito, aming isinulat ang *Supplier Code of Conduct* upang maipaliwanag ang aming mga inaasahan sa lahat ng aming mga kanegosyo kasama na ang mga mayroong umiiral na kontrata para sa regular na pangangailangan ng Sodexo.

Inihahayag ng Supplier Code of Conduct (“Code”) ang mga inaasahan ng Sodexo sa kanyang mga *supplier, vendor, contractors* at iba pa na nakikipagnegosyo sa Sodexo (kasama na ang mga miyembro o *affiliates*). Sama-samang tutukuyin ang mga ito sa *Code* na ito bilang “Suppliers”) sa mga tuntunin ng maayos at responsab leng etikal, social, *labor*, at *environmental* na mga gawi. Kinikilala ng Sodexo na ang mga Supplier ay gumagana sa magkakaibang legal at kultural na kapaligiran sa buong mundo. Anuman, ang Code na ito ay inihahayag ang *minimum* o pinakamababang *requirements* na kailangan masunod o para masiguro na ang mga *requirements* ay kasang-ayon ng sarili nilang mga prinsipyo sa negosyo para magsagawa ng transakysyon sa Sodexo. Dahil dito, ang mga Supplier ay inaasahang ipahatid ang prinsipyong napapaloob sa Code na ito sa kabuuan ng kanilang *supply chain*.

Ang Sodexo ay inilalaan ang karapatang isakatuparan ang mga kontrol na sa palagay nito ay makatuwiran at kailangan upang masiguro na ang *Code* ay iginagalang sa buong *Supply Chain*. Maaring kabilang dito ang *self-assessments*, *Sodexo audits*, at mga *third-party audits* ng Sodexo para sa kanilang mga Supplier.

Kinikilala ng Sodexo na kakailanganin ng mga Supplier ng oras upang tugunan ang mga pagkukulang sa mga *requirements*. Naniniwala kami na ang pagsunod ay pinakamabuting makakamit sa pamamagitan ng proseso ng tuloy-tuloy na pagpapabuti kasama na ang pakikipag-*dialogue* sa Sodexo. Sa kaisipang ito, binuo ng Sodexo ang *Sodexo Supplier Code of Conduct – Supplier Guide* na naglalayong mabigyan ang mga supplier ng pamamatnubay kung paano nila maisasakatuparan ang *Sodexo Supplier Code of Conduct*. Iniimbiba ng Sodexo ang mga Supplier nito na panatilihin sa aming kaalaman ang mga aksyon at mga planong pagbubuti ukol sa *Code of Conduct* at inaanyayahan ang mga pagpapatunay na lumagpas pa sa inaasang naming *minimum requirement* ang aming mga *supply chain partners*.

Hinihikayat ng Sodexo ang mga Supplier nito na suportahan ang mga layunin ng “*Better Tomorrow 2025*,” pati na rin ang sa *United Nations Sustainable Development Goals*. Maliban sa paglagda sa *Sodexo Supplier Code of Conduct* ng lahat ng Sodexo Suppliers, kailangan ding lagdaan ng lahat ng Suppliers ang *Sodexo Sustainable Seafood Supplier Charter*, the *Sodexo Animal Welfare Charter* at lahat ng dokumentong angkop sa inaalok nilang produkto.

Karagdagang impormasyon tungkol sa *Corporate Responsibility* ng Sodexo ay makikita sa aming website www.sodexo.com



1. Integridad sa Negosyo (Business integrity)

Ang Sodexo ay komited sa pinakamataas na pamantayan sa pakikipagnegosyo ng may integridad. Hindi namin kinokonsinte ang anumang kasanayan na hindi naaayon sa aming prinsipyo ng katapatan, integridad, at pagkamakatarungan, kahit saang parte man ng mundo na kami ay nagnenegosyo.

Hinahanap ng Sodexo ang mga Supplier na nagnenegosyo ng may mataas na pamantayang etikal kasang-ayon ng sa amin. Ang pamantayang etikal ng Sodexo ay nakapaloob sa aming *Business Integrity Statement* kung saan ang ilan sa mga ito (kung kailangang linawin, makikita ang depinisyon sa *statement*):

- Sundin ang lahat ng naangkop na batas at regulasyon
- Tratuhan ang isa't-isa ng walang kinikilingan, may dignidad at paggalang
- Ihanda ang lahat ng talaan ng *financial transactions*
- Iulat ng tapat at agad ang kundisyong pinansyal at resulta ng mga operasyon
- Makitungo nang tapat at walang kinikilingan sa mga kliyente, mga *customer*, mga *supplier*, at pinansiyal na mga kasosyo
- Iwasan ang aktwal o potensyal na mga *conflict of interest* o salungat na interes
- Iwasan ang pagbibigay at/ o pagtanggap ng mga regalo
- Ingatan ang *assets* o anumang paga-ari ng Sodexo
- Protektahan ang kompidensyal at pribado o mga impormasyong pag-aari ng Sodexo (at tulad ng nilalarawan sa *item 6* ukol sa *Information Protection*)
- Protektahan ang imahe at reputasyon ng Sodexo
- Ihiwalay ang personal na pampulitikong aktibidad mula sa mga *business* ng Sodexo
- Ireport ang anumang paglabag sa mga naangkop na batas, mga regulasyon, at pamantayang etikal

Ang Supplier ay hindi maaring masangkot sa anumang akto ng *unfair competition* o hindi patas na pakikipagkumpetisyon at **hindi sasali** sa anumang panunuhol, tulad ng inilarawan sa *Supplier Guide*.

2. Karapatang pantao at pangunahing mga karapatan sa trabaho (*Human rights*

Ang Sodexo ay komited sa paggalang sa karapatang pantao. Ito ay aming binibigyan atensyon sa pamamagitan ng pagpapatupad at pagpapa-igting ng mga *practices* at *procedures* upang maiwasan, mabawasan, at, kung naangkop, malunasan ang anumang magiging paglabag sa karapatang pantao konektado sa aming operasyon o anumang aspeto ng aming negosyo na direktang resulta ng aming koneksyon sa aming mgs *Suppliers*. Ang aming komitment at pinapairal na mga *practices* at *procedures* ay naayon sa mga pamantayang internasyunal, gaya ng *Universal Declaration of Human Rights*, ang *ILO Declaration on Fundamental Principles and Rights at Work*, at gabay mula sa *OECD Guidelines for Multinational Enterprises* at ang *UN Guiding Principles on Business and Human Rights*.

Aming inaasahan na papairalin ito ng ang mga *Suppliers* sa paraang ipinapakita ang pagrespeto sa karapatang pantao, kasang-ayon sa mga prinisipyong mababasa sa ibaba; at gumawa ng mga angkop na hakbang upang pagtuunan ng pansin ang mga panganib sa karapatang pantao na maaring resulta ng kanilang pakikipagugnayan sa *supply chains* at sa anumang bahagi ng kanilang negosyo.

and fundamental rights at work)

Pag-alis sa anumang anyo ng pwersahan o sapilitang paggawa (*Elimination of all forms of forced or compulsory labor*)

Ang mga Supplier ay hindi dapat gumamit ng *indentured*, alipin, *bonded*, o iba pang sapilitang o hindi boluntaryong paggawa.

Ang mga Supplier ay dapat na siguruhin na ang ginagawang trabaho ay boluntaryo, kapalit ang kompensasyong naayon sa batas, at hindi napapailalim sa aktwal o may pagbabanta ng parusang krimen o pag-uusig, karahasan, pagkakakulong, ilegal na pagtatago ng mga dokumentong pagkakakilanlan, o pag-tanggi sa legal na karapatan at pribilehiyo ng isang tao. Ang lahat ng manggawa o empleyado ay malayang pumayag na makapagtrabaho o umalis sa isang trabaho, na may makatwirang abiso sang-ayon sa umiiral na batas,

regulasyon, pangkalahatang kasunduan, at mga *operational constraints*.

Ang mga Supplier ay hindi dapat pumayag sa sapilitang pagtatrabaho ng isang empleyado nang dahil sa utang – tumutukoy ito sa pag-aalok ng pautang o paunang suweldo o *advance* mula sa mismong nagbibigay ng trabaho o mga *labor recruiters* kapalit ng isang kasunduan/pangako/garantiya mula sa empleyado o kaanak para mabayaran ang inutang.

Pagsugpo sa child labor (*Effective abolition of child labor*)

Hindi maaring pumayag ang Supplier na kumuha o mag-*hire* ng mga empleyadong wala sa tamang edad alinsunod batas o panukala kung saan ito nakikipagnegosyo sa Sodexo. Kung ang *minimum* na edad kung saan maari nang magtrabaho ang isang bata ay hindi

natutukoy, ang Supplier ay maari lamang tanggapin ang mga may edad na 15 taong gulang pataas. Anuman ang legal na pinakamababang edad na maari nang magtrabaho, kung saan ang mga menor de edad ay maaring magtrabaho, ang mga Supplier ay kailangang sundin ang mga legal na *requirements*, lalo na sa mga may kinalaman sa limitadong oras ng pagtatrabaho, sahod, minimum na kailangang edukasyon, at ang kondisyon sa trabaho (*working conditions*).

Ang mga Supplier ay dapat na magtakda at igalang ang tamang limitasyon sa edad para sa mga trabahong maaring magsanhi ng panganib / pinsala sa mental, pisikal, sosyal, o moral na estado ng mga batang manggagawa. Ang mga batang manggagawa na tinutukoy ay ang mga manggawa na mas matanda na sa minimum na edad (na nilinaw na sa itaas) at mas mababa sa edad na 18.

Pagsugpo sa diskriminasyon sa trabaho (*Elimination of discrimination in respect of employment and occupation*)

Ang mga supplier ay hindi dapat magpakita ng diskriminasyon laban sa pagtanggap sa empleyado, pag-promote, suweldo, pagganap na pagsusuri o sa kahit na anong term o kondisyon ng trabaho na ang basehan ay lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, sekswal na oryentasyon, relihiyon, o *disability*. **Ang mga Supplier ay hindi maaring** magpakita ng kaibhan sa anumang iba pang basehan na ipinagbabawal sa batas.

Freedom of association at pagkilala ng karapatan sa collective bargaining (*Freedom of association and effective recognition of the right to collective bargaining*)

Ang mga Supplier ay dapat irespeto ang karapatan ng empleyado na sumali o hindi

sumali sa mga unyon ng manggawa at sumali sa *collective bargaining*, malaya sa takot ng paghihiganti, pananakot o panliligalig. Ang mga empleyado ay hindi dapat na mapasailalim sa anumang uri ng pananakot nang dahil sa kanilang desisyon na sumali o hindi sumali sa anumang samahan ng mga manggagawa.

Sahod at mga benepisyo (*Wages and benefits*)

Ang mga supplier ay hindi dapat na magbayad nang mas mababa pa sa minimum na sahod na nakatakda sa saligang batas. Kung ang naaangkop na batas ay hindi sakop ang dapat na minimum na suweldo, **ang mga Supplier ay dapat** na magbayad ng hindi bababa sa umiiral na *market wage* para sa kaugnay na trabaho.

Ang mga Supplier ay dapat matiyak na ang mga *relevant workers* ay bayad sa kanilang *overtime hours* sa tamang halagang nasasaad sa batas, hindi kinakailangang magtrabaho ng higit sa wastong oras upang kumita ng *minimum wage*, at dapat na makatanggap ng mga benepisyo at *insurance*.

Oras ng pagtatrabaho (*Working hours*)

Ang mga Supplier ay dapat na sumunod sa lahat ng naaangkop na batas at mga regulasyon patungkol sa oras ng trabaho para sa mga empleyado, kasama na ang limitasyon sa *maximum working hours* at kailangang oras para sa mga *breaks*. **Ang mga Suppliers ay hindi dapat** utusan ang kanilang mga manggagawa na magtrabaho ng higit sa legal na dami ng oras na maaring mag-*overtime* ang isang empleyado, maliban na lamang kung ito ay nire-require dahil sa *emergency* o maaring pinapayagan ng batas dahil sa uri ng trabaho nito.

Kalusugan at kaligtasan (*Health and safety*)

Ang Kalusugan at Kaligtasan ay napakahalagang bahagi ng misyon ng Sodexo

upang mapabuti ang *Quality of Life* o kaledad ng pamumuhay. Ang Sodexo ay komited sa pagkamit ng pandaigdigang *health and safety culture at world class health and safety performance*. Ang pakikipagugnayan sa aming mga Suppliers ay napakahalaga para sa tuloy-tuloy na pagpapabuti patungo sa layuning ito.

Ang mga Suppliers ay dapat na magbigay ng ligtas at mainam sa kalusugan na lugar at kondisyon para sa pagtatrabaho. Ang kalusugan, kaligtasan at iba pangpamantayan para sa lugar na pinatratrabahuhan ay dapat na alinsunod sa batas at mga regulasyon.

Ang mga supplier ay dapat na mapanatili, sa kanilang sariling gastos, ang isang *accident compensation scheme* o pamamaraan sa pagbibigay na asiste sa simumang empleyado nila na maaksidente, pribado man o public (gaya ng *insurance*), gaya ng nakasaad sa batas o mga regulasyon para sa lahat ng empleyado na nagbibigay produkto o serbisyo sa Sodexo.

Living conditions

Ang mga Supplier ay dapat siguruhin na ang pabahay para sa empleyado, kung ito man ay nakalaan, ay natutugunan ang parehong pamantayan para sa kalusugan at kalusugan gaya ng sa lugar na pinagtatrabahuhan.

Ang mga Supplier ay dapat tiyakin na ang kondisyon ng ibinigay na tirahan ay nirerespeto ang dignidad at karapatan sa *privacy* ng mga empleyado.

Mga gawing pandisiplina (Disciplinary practices)

Ang mga Supplier ay dapat tratuhin ang lahat ng may dignidad. **Ang mga Supplier ay hindi dapat** pahirapan o takuting pahirapan sa pamamagitan ng pagpaparusang pisikal o anumang uri ng sekswal, *psychological* o panga-abuso gamit ang salita o panliligalig sa empleyado.

Ang mga Supplier ay dapat na magkaroon ng malinaw na proseso ng pagdidisiplina na ipinagbabawal ang karahasan, panliligalig, o pananakot sa anumang uri, at iparating ito sa mga empleyado sa salita o paraang naiintindihan ng mainam.

Karapatan sa lupa (Land rights)

Ang mga Supplier ay dapat na irespeto ang karapatan sa lupa ng mga indibidwal, pambansang minority o *indigenous people*, at mga lokal na komunidad. Ang lahat ng usapan o negosasyon patungkol sa paggamit at paglilipat ng titulo ay nararapat na sumunod sa prinsipyo ng *free, prior and informed consent, contract transparency and disclosure*.



3. Kapaligiran (*Environment*)

Ang mga Supplier ay dapat na sumunod sa lahat ng naangkop na batas at regulasyon ukol sa proteksiyon para sa kalikasan.

Ang mga Supplier ay dapat na patuloy na pagbutihin ang kanilang mga panukalang naglalayong protektahan ang kalikasan – gaya ng pag papatupad ng mga programang pangkalikasan o *action plan*.

Ang mga Supplier ay dapat na tumulong na sustenahin at protektahan ang ating kapaligiran sa mga halimbawang sumusunod na paraan: pagtitipid sa pag-gamit ng kuryente, *pag-recycle* at tamang pagtapon ng basura, at *water management*.

4. Inclusive supply chain

Ang ***Supply Chain Inclusion Program*** ng Sodexo ay mahalagang parte ng komitment ng grupo na mapabuti ang *Quality of Life* o kaledad ng pamumuhay ng mga taong nagtatrabaho sa aming mga Supplier at sa pag-unlad ng mga lokal na komunidad. Ito rin ay naglalayong maipakita ang aming komitment na makipag-ugnayan at impluwensyahan ang mga *stakeholder* pagdating sa *social at economic responsibility* sa kabuuan ng kanilang *supply chain*.

Ang makipagnegosyo sa *diverse at inclusive* na mga Supplier sa loob ng lokal na komunidad kung saan kami ay may operasyon at negosyo ay nagbibigay ng kalamangan hindi lamang sa Sodexo kundi pati na rin sa Supplier na ito.

Inaasahan ng Sodexo na ang Supplier nito ay may kakayahang magpakita ng isang *workforce* na may pagkakaiba (*diversity*) sa edad, kasarian, lahi, pambansa o etnikong pinagmulan, relihiyon, wika, paniniwalang politikal, sekswal na oryentasyon, at kakayahang pisikal. Inaasahan din na ang Supplier ay nagpo-promote ng isang *inclusive* na *supply chain* sa sarili nilang *supply chains*.

5. Pag-uulat (*Reporting*)

Ang mga **Supplier** ay dapat na magbigay ng tama at napapanahong pag-uulat ng mga makatwirang impormasyon na kailangan ng Sodexo upang ito ay makasunod sa lahat ng batas at regulasyon kaugnay sa pagbibigay o pagisiswalat ng mga impormasyong kailangan ng pamahalaan, o konektadong institusyon o organisasyon.

6. Proteksyon ng impormasyon at *data privacy*

Pagka-kumpedensyal at Proteksyon ng mga Impormasyon (*Confidentiality and protection of information*)

Ang Sodexo ay komited sa pagprotekta ng impormasyong kompidensyal (*Confidential Information*) ng lahat ng nakikipagnegosyo sa Sodexo, kasama na ang mga *suppliers*, kliyente, kustomer, mamimili, at mga empleyado nito. Sinisiguro din nito na ang mga impormasyong nakalap mula sa mga nabanggit ay gagamitin lamang alinsunod sa mga naangkop na batas at polisiya ng Sodexo at limitado lamang sa mga negosyong may kaugnayan sa negosyo ng Sodexo.

Ang mga Supplier ay dapat na sumunod sa mga angkop na batas at regulasyon ukol sa impormasyong pagmamayari at protektahan ang lahat ng impormasyon natanggap ng Sodexo sa pamamagitan ng pagsiguro na ang impormasyong ito ay gagamitin lamang sa awtorisadong layunin, at ibabahagi lamang sa mga awtorisadong tao. **Ang mga Supplier** na may *access* sa mga ganitong impormasyon o anumang impormasyon na matutukoy na kompidensyal ay dapat na ikonsulta sa Sodexo Business – kung saan sila ay nagbibigay ng produkto o serbisyo – ang mga katanungan ukol sa tamang paggamit ng mga impormasyong may kaugnay sa Sodexo.

Proteksyon ng data at *privacy*

Ang Sodexo ay komited na protektahan ang mga pribadong personal na impormasyon ng lahat ng nakikipagnegosyo sa Sodexo kasama na ang mga *suppliers*, kliyente, mamimili at iba pang mga tao at organisasyong may kinalaman sa aming negosyo. Sinisiguro ng Sodexo na ang mga ganitong impormasyon ay ginagamit lamang alinsunod sa mga naangkop na batas at may koneksyon sa Sodexo *business*.

Ang mga Supplier ay dapat na sumunod sa mga naangkop na batas tungkol sa pagiging pribado (*privacy*) at seguridad ng mga impormasyon at lahat ng kinakailangan ayon sa regulasyon – kasama na ang mga sariling polisiya ng Sodexo ukol dito kung ang impormasyon ay nakuha, natago, naproseso, nasiwalat, nalipat, at/o nabahagi.

Implementasyon


Ang mga Supplier ay dapat na gumawa ng mga hakbangin upang makasiguro na ang mga prinsipyo ng *Code* na ito ay nakarating o naipabatid sa kanilang mga empleyado at sa kanilang pangkalahatang *supply chain*. **Ang mga Supplier ay dapat** rin na gumawa ng mga tamang hakbangin para makasiguro na ang mga prinsipyo ng *Code* na ito ay ginagawa at ginagamit ng kanilang mga empleyado, sariling suppliers, mga ahente, at mga *contractors* kung naangkop.

Ang mga Supplier ay dapat na magtatag ng mga proseso o mekanismo kung saan ang mga empleyado ay makakapagsabi o maibabahagi ang kanilang mga isyu o alalahanin ng walang kinatatakutang pagganti o negatibong epekto sa seguridad ng kanilang trabaho.

Ang Sodexo ay may karapatang maglagay ng mga mekanismo o kontrol na sa tingin nito ay kailangan upang masigurado na ang *Code* na ito ay nire respeto at sinusunod sa kabuuan ng *Supply Chain* nito. Maaring ang sinasabing mga mekanismong ito ay mga *self-assessments*, *audit* ng Sodexo, at mga *audit* mula sa *third-party* para sa mga Supplier.

Sa nakikinitang hinaharap, ang mga *reporting requirements* tungkol sa mga may kaugnayang aksyon na ginagawa ng mga Supplier sa kanilang operasyon at sariling *supply chain*, ay kakailanganin. Polisiya ng Sodexo na sa kahit na anong kasunduan sa pagitan ng Sodexo at ng Supplier, kailangan na isama ang mga prinsipyong napapaloob sa *Code*.

Ang *Code* na ito ay regular na babaguhin o i-*update* upang mapanatili ang *relevance* o



Sodexo On-site Services Philippines, Inc.

11/F BA Lepanto Building,
8747 Paseo de Roxas,
Makati City 1200, Philippines

Tel. : +63(2) 831 2909

Fax : +63(2) 804 1439

www.ph.sodexo.com

